

NOT FOR SALE

TEXT US!

Type: VAL <space> MESSAGE
Send to **2960**

www.valenzuelacity.gov.ph

VALENZUELA NGAYON



Taon 3 Blg. 1

Valenzuela, may DISIPLINA!

Enero - Marso 2006

LINGUNAN - LAWANG BATO VEHICULAR OVERPASS GROUND BREAKING CEREMONY



City of Valenzuela donates 2.1 million financial assistance to victims of mudslide

Southern Leyte Governor Rosette Lerias and St. Bernard Mayor Maria Lim receive from Valenzuela Vice Mayor Antonio Espiritu the assistance from the City of Valenzuela.

Mayor WIN leads the ceremonial groundbreaking of the Lingunan-Lawang Bato Vehicular Overpass and Canumay Exit.

Lingunan - Lawang Bato vehicular overpass ground breaking ceremony

Sa pagbubukas ng Lingunan-Lawang Bato Vehicular Overpass at Canumay Exit sa Hulyo, masasabing isa itong konkretong halimbawa ng posibleng makamit kapag ang mga lokal na opisyal ay nagkakaisa sa pagpapaunlad ng Lungsod.

Ang P102 milyong proyekto ay 100% na pinondohan ng lokal na pamahalaan. Pagdudugtugin nito ang silangan at kanlurang bahagi ng Lungsod na pinaghiwalay ng North Luzon Expressway (NLEX).

"Ang tulay ay 100 porsyento na pinondohan ng lokal na pamahalaan. Walang kahit isang sentimo ang galing sa anumang foreign loan o sa national government," ani Mayor Win noong groundbreaking ceremony sa Lingunan noong Enero 16.

Ang mga malalaking proyekto katulad ng overpass ay kadalasang pinopondohan ng national government sa pamamagitan ng Department of Public Works and Highways.

Upang mabuo ang kinakailangang pondo para sa proyekto, iniambag ng mga opisyal ng 32 barangay na bumubuo sa Lungsod, ang kanilang bahagi sa Internal Revenue Allotment (IRA) noong nakaraang taon.

"Lahat ng mga opisyal ng bawat barangay ay sumang-ayon na isasantabi muna ang ibang lokal na proyekto ng 2005 upang maumpisahan ang tulay," ani Punong Barangay Alvin Feliciano ng Arkong Bato.

Sa P102 milyong kailangan para sa tulay, P80 milyon ay mula sa IRA ng 32 baran-

gay at P22 milyon naman ay loan mula sa isang lokal na bangko. Maging ang mga may-ari ng lupang sasakupin ng proyekto ay ipinamahagi ang kanilang lupa upang maisakatuparan ang tulay.

"Kung wala ang kanilang pakikiisa, maaaring matatagalan pa ang proyekto," ani Mayor Win.

Ayon kay Project Engineer Fortune An-

pa ni Angeles.

Nagbayad ang lokal na pamahalaan ng P3,000 kada metro kwadrado sa mga may-ari ng lupa, samantalang yung iba naman ay hiniiling na sila ay mailapat na lamang.

Ang tulay ay magdadaan sa 7.3 hektaryang commercial at pribadong lupain. Magsisimula ito sa F. Dulalia Street sa Barangay Lingunan, tatawid sa NLEX at lalabas sa Sapang Bakaw sa Barangay Lawang Bato.

Kapag natapos ang tulay, inaasahang mababawasan ang oras ng biyahe papunta sa silangan at kanlurang bahagi ng Lungsod.

"Katulad noong araw, magiging mabilis muli ang pagpunta sa kabilang bahagi, ngunit sa halip na bundok ang tatawirin, tulay na sariling atin na," ani Mayor Win.

Sa kasalukuyan, ang mga motorista sa kanlurang bahagi ng Valenzuela ay kinakailangang dumaan sa Maysan Road, at Malinta Interchange sa NLEX (na kadalasang nagbubuhol ang trapiko), upang makarating sa kabilang bahagi ng Lungsod.

Kung mabilis ang daloy ng trapiko, ang biyahe ay hindi aabutin ng isang oras. Ngunit karaniwan, tumatagal ito ng isa't kalahating oras.

Inaasahang mababawasan ng 30% ang trapiko sa Maysan Road at iba pang kalapit na daan.

Dagdag pa ni Gatchalian, ang tulay ay inaasahan ding magbubukas ng mga bagong oportunidad para higit na mapaunlad ang Valenzuela.



geles, may ilang landowners ang kusang nagbigay ng kanilang ari-arian.

"Ang pamilya ni Emilia Santiago ay nagbigay ng halos kalahati ng 1.8 hectares na lupa nila," dagdag ni Angeles.

Ang ilan naman ay kinailangang kumbinsihin, kasama na dito ang mga may-ari ng residential apartments, gasolinahan at mga kainan.

"Inabot kami ng ilang buwan upang makumbinsi ang mga may-ari na ibenta ang kanilang lupain sa lokal na pamahalaan," ani

Pangunahing daan sa Lungsod inaayos

Inaprubahan ng Valenzuela City Development Council ang proyektong pagpapaayos ng mga pangunahing daan sa Lungsod na nagkakahalaga ng Php 73 Million.

Ayon kay Mayor WIN, sakop ng proyekto na ayusin ang 20 pangunahing daan na kinabibilangan ng M.H Del Pilar St., T. Santiago St., Gov. I Santiago Road, Karuhatan Road, Gen. T. De Leon, Sapang Bakaw, Que Grande St., at ilang bahagi ng MacArthur Highway.

"Bawat proyekto ay nagkakahalaga ng Php 2 milyon pataas upang masakop ang buong kalye. Nais naming masiguro na matata-

pos ang buong proyekto upang maiwasan ang mga roller-coaster roads. Ito ang mga hindi pantay-pantay na daan na kadalasang nangyayari kung ang pagkukumpuni ay hati-hati," ani Mayor Win.

Nagkaisa ang VCDC sa pag-apruba ng proposal ng Punong Lungsod na gamitin ang Development Fund para sa pagpapaayos ng mga nasabing daan.

"Alam nila na ang pagkakaroon ng maayos na daan ay mahalaga sa higit na ikauunlad ng Lungsod," dagdag nito.

Ilan sa mga natapos na ay ang road rehabilitation project sa M.H Del Pilar road (Poblacion).



Naayos na ang dating lubak-lubak at bahaling bahagi ng M.H. Del Pilar, sa harap ng Polo Emergency Hospital, Barangay Poblacion.

City donates 2.1M

Mayor Win turned over the P2.1 Million cash donation and 50 boxes of food items, plastic wares and clothes for the St. Bernard landslide victims to Southern Leyte Governor Rosette Y. Lerias and St. Bernard Mayor Maria Lim.

Vice Mayor Antonio Espiritu, together with CSWD Chief Venus Gaoiran and PIO Marither Menia visited the site with Governor Lerias and Mayor Lim. Espiritu handed over the checks – P2 Million from the City Government of Valenzuela, P50,000.00 from the Chamber of Commerce and Industry of Valenzuela, P48,241.25 collected from the fund drive.

According to St. Bernard Municipal Treasurer Inuvencio Carvonelia, the P2 Million donated by the City of Valenzuela was the biggest donation received by the municipality from a single organization.



Governor Rosette Lerias, in a telephone conversation with Mayor Gatchalian expressed her profound thanks for the donation and said that, "it is very encouraging to receive support such as this from other LGUs."

For his part, Mayor Gatchalian assured the Governor of the overwhelming love and support of Valenzuelanos for St. Bernard, as evidenced by

the outpouring of donations of cash and goods.

"While I am aware that nothing can bring back the lives that were lost, I hope that this donation can ease some of the pain and suffering, and help the survivors in rebuilding their lives," Gatchalian said.

Mayor Win also expressed his utmost gratitude to all Valenzuelanos who heeded the call of the City Government to donate for the victims.

"I would like to thank my fellow Valenzuelanos for their generosity. In

moments like this, we need to tear down whatever physical, social or even political boundaries that separate us into groups



Governor Rosette Lerias, in a phone conversation with Mayor WIN.

and reach out to our affected fellow Filipinos. Maraming salamat po sa inyong bukas-palad na pagtulong," quipped Mayor Win.

Mataas na savings at surplus, itinala

Sa kabila ng malaking krisis sa ekonomiya, nakapagtala ang Lokal na Pamahalaan ng mataas na savings at karagdagang ipon sa taong 2005, na nagpapakita sa maayos na pagsasagawa nito ng fiscal management.

Ayon kay City Treasurer Evelyn De Guzman, ang kita ng Lungsod, na binubuo ng General Fund at Special Education Fund, ay nakapagtala ng P1.245 bilyon noong 2005, kumpara sa P1.018 bilyon noong 2004. Nagpapakita ito ng pagtaas ng P227 milyon.

Dagdag ni Mayor Win, ang pagtaas ng kita ay sanhi ng pina-igting na pagsasagawa ng malawakang pangungulekta ng buwis, information campaign, tax mapping, tax amnesty at auction ng mga ari-ariang may long standing delinquencies.

Ang Lokal na Pamahalaan, ayon kay City Accountant Rosa Irma Alcoran, ay nakalikom ng kabuuang ipon na P117 milyon noong

2005, kumpara sa P21 milyon noong 2004.

Ayon Kay Mayor Win, ang Lungsod ay nakatipid ng malaki dahil sa pagpapatupad ng cost-saving measures at sa pamamagitan ng simple at time-tested frugality.

Ang surplus o ipon ay nakukuha sa pamamagitan ng pagbabawas ng nagastos sa kabuuang koleksyon.

"Bumibili kami ng mga riurang supply at materyales na dekalidad. At, kung ano lamang ang kailangan namin ang siyang binibili," ani Mayor Win.

Idinagdag pa niya na ang Lokal na Pamahalaan ay nakakakuha ng mga supplier ng maayos at murang supply kung kaya't ito ay nakakakuha ng diskwento mula 30 hanggang 40 porsiyento mula sa orihinal na presyo.

Ani Mayor Win, ang ay ang pagkakaroon ng maayos na pangongolekta ng buwis

at tamang paggamit ng pera ng taumbayan."

Dahil dito, ayon sa kanya, nagawang lampasan ng Lokal na Pamahalaan ang collection targets nito at nagkaroon ng mataas na surplus.

Ani pa niya, binigyang daan nito ang paglulunsad ng mga karagdagang imprastraktura sa Lungsod kahit walang pondo mula sa national government.

"Nagagawang pondohan na ng Pamahalaang Lungsod ang mas maraming proyekto gamit ang sariling pondo," ani Mayor Win. Ipinagmamalaki nito ang bagong tuklas na kalayaan at hindi kinakailangang umasa sa pondo mula sa national government.

"Ito ay makabuluhan sapagkat ang mga ginugugol sa social services, edukasyon at imprastraktura ay hindi masasabing gastos, kundi wise investment para sa kinabukasan," pagtatapos ni Mayor Win.

Mas maayos na serbisyo sa bagong Government Center

Inaasahang makakatipid ang Lokal na Pamahalaan at makapagbibigay ng kaginawaan sa publiko kapag naitayo ang bagong government center ng Lungsod sa Mac Arthur Highway.

"Ang lumang gusali ng city hall na itinatag noong 1967, ay maliit at masikip. Sa kasalukuyan, dito nakapuwesto/nakalagay ang 10 opisina, kasama na dito ang municipal trial court at iba pang field offices ng national government agencies," ani Mayor Win.

Dahil sa kakulangan ng espasyo, may ilang ahensiya ng lokal na pamahalaan ang kinakailangang mangupahan sa mg pribadong gusali kung saan umaabot sa P3.3 milyon ang binabayaran ng lokal na pamahalaan kada taon. Ilan sa mga tanggapaning ito ay ang Human Resource Office at Sangyuniang Panlungsod.

Dagdag pa ni Mayor Win, ang pagdami ng populasyon sa mga nagdaang taon, kasabay nang pagdami ng mga kinakailangang serbisyo, kinailangan ng lokal na



pamahalaan na magtayo ng mga karagdagang opisina upang magbigay serbisyo.

Nahahati sa dalawang bahagi ang pagpapatayo sa government center. Lahat ng mga revenue generating offices ay ilalagay sa unang bahagi kung saan may malawak itong taxpayers lounge.

Sa ikalawang bahagi naman ay paglalagakan ng isang multi-purpose hall para sa mga espesyal na pagdiriwang ng mga kawani, isang day care center para sa mga anak ng mga kawani at iba pang non-revenue generating offices.

"Katulad ng one-stop shop ang government center dahil mailalagay sa isang lugar ang mas maraming tanggapan.

Mapapadali, mapapabilis at mas maginhawa ang bawat transaksyon sa lokal na pamahalaan hindi lamang para sa publiko kundi maging sa mga kawani," dagdag pa ni Mayor Win.

Ang unang bahagi ng government center na nagkakahalaga ng P30 milyon, ay inaasahang matapos sa Mayo ng kasalukuyang taon.

Top taxpayers recognized, cleanest barangay awarded

Valenzuela City at eight, is building on the gains for a more Vibrant City, through discipline and teamwork.

This underscores the celebration of the 8th Year Anniversary of Valenzuela as a City on February 14.

In a Taxpayers' and Barangay Night held at the Museo Valenzuela, City Mayor Sherwin Gatchalian called on all local officials as well as businessmen who were present, to work together in making Valenzuela among the Top 10 Most Advanced Cities in the country.

"Ako po ay nagpapasalamat sa pagdalo ng mga opisyal ng mga barangay sa pagdiriwang na ito. Ang ating mga barangay officials ang frontliners kapag may mga nangyayari sa ating Lungsod. Sila ang unang nilalapan ng ating mga kababayan kapag sila ay may problema," Gatchalian said.

The Local Chief Executive also thanked owners of corporations, as well as, sari-sari store owners, for their contributions in strengthening the local economy.

The City Government awarded the Top 10 Taxpayers for 2005, Top Sari-Sari Stores, Valenzuela-based corporations which were included in the top 1,000 corporations in the country and Top 15 Employers.

ela-based corporations which were included in the top 1,000 corporations in the country and Top 15 Employers.

Awarded were Filipino Metal Corporation, Puregold Price Club, Splash Corporation, Flexible Packaging Products, Mayer Steel Pipe, Flexo Manufacturing, Continental

Sari-Sari, M. Bakery and Sari-Sari, La-len Lugawan and Store, J.E.T Bakery, Aida's Store, Blaza's Store, Rose Casimiro's Store, Drucco's Store and Conrado's Store.

Furthermore, the City Government awarded the Cleanest and Greenest Barangay for 2005.

Bagging the first place was Barangay Pun-turin, Barangay Mapulang Lupa at second place, followed by Barangay Gen. T. De Leon.

Also awarded were Barangays Marulas, Tagalag, Paso De Blas, Lingunan, Dalandanan, Ugong, and Bagbaguin.

"I am sure that what we all want for our City is sustainable growth, where social and economic development occur harmoniously with the protection and enhancement of the environment for future generations," Gatchalian

said.

"We need not only your support, but your commitment to work with us in this revolution. We in the City Government firmly believe that if we work together, we can realize our vision of a world-class city," he urged.



steel Manufacturing, Mercury Drug Corporation, Tiger Machinery and Industrial supply, and Maxima Steel Corporation for the Top Taxpayers.

For the sari-sari stores, awarded were Pinalagad Bakery and Sari-Sari, Marasa Bakery and

Pamahalaang Lungsod, MNTC at DPWH lumagda ng MOA

Nilagdaan ng Lokal na Pamahalaan, Manila North Tollways Corporation at Department of Public Works and Highways (DPWH) and isang Memorandum of Agreement para sa pagpapaunlad ng trapiko sa Lungsod, particular na sa may Valenzuela Interchange.

Ang pagbuhol ng trapiko sa Interchange partikular na sa Maysan at Gen. Luis papasok ng Valenzuela Interchange at ng mga nakapaligid na lugar ang nagbibigay ng sakit ng ulo sa mga motorista araw-araw.

"Umabot na sa traffic carrying capacity ang Maysan at Gen. Luis Roads, kung kaya't kinakailangang matugunan ito para sa mga motorista," ani Mayor Win. Sa pag-aaral na isinagawa ng MNTC at DPWH noong Abril 2004, tinukoy nito ang mga

traffic engineering and management measures na kailangang maipatupad.

Nagkaisa ang bawat partido na gagamitin ang Expressway Traffic Zone (ETZ) sa periphery at mga kalapit na lugar sa Valenzuela Interchange.

Kasama dito ang mga physical improvements katulad ng paglalagay ng pedestrian barriers, pedestrian crossing markings, road signs, red curb painting, pedestrian crossings at curbs, at NLE traffic zone signs.

Dagdag pa dito, sisiguraduhin din ng Pamahalaang Lungsod ang regular na deployment ng traffic enforcers, pipigilin at huhuliin ang mga ilegal na pagparada, sakayan at babaan. Tutukuyin din ang mga lugar para sa mga mas maayos na paradahan o terminal ng mga pampasaherong sasakyan.

4-storey school building to house 3,000 students of Gen. T. De Leon NHS



A 40-classroom building will usher in some 3,000 students of Gen. T. De Leon National High School (GNHS) to a newly constructed building, when school opens in June.

Another priority project of the City Government of Valenzuela, the P34M four-storey school building is 100% locally funded.

"Like the on-going Lingunan to Lawang Bato vehicular overpass project, we take pride in delivering another 100% locally funded development project for the people of this City, especially our children," City Mayor Sherwin Gatchalian quips.

The GNHS used to be an annex of the Marulas National High School. It later gained independence and has become one of the largest schools in the City. Since its opening in June 1984, the total number of students of 1,981 grew to 3,334 students over the years, making the existing 24-classroom school building too cramped for the students.

According to GNHS School Principal Salvacion David, each classroom accommodates 65 students, exceeding the ideal classroom to student ratio of 1:50.

David narrated that the number of students per classroom went as high as 100 in the past, making it impossible for students to have excellent education.

Once completed, the project will also benefit the City's largest grade school, the Gen. T. De Leon Elementary School, which posts about 6,000 pupils. When the current high school building is vacated, it will be used to accommodate the increasing population of the said elementary school.

"Improved educational facilities, comfortable learning space, and competitive educators, are what we hope to give our children. And, this school building is only a part of our efforts to attain that, said the Local Chief Executive.

"We have to ensure that each student is accorded by this City Government with sufficient and quality education services to prepare them for a brighter future," he said.

"Kami sa Pamahalaang Lungsod ay naniniwala na sa mabuting edukasyon ng bawat Valenzuelano nakasalalay ang magandang kapalaran ng Valenzuela," he added.

The project is funded through the City Local School Board.

Recently, the City Government inaugurated six elementary school buildings in Gen. T. De Leon, Lawang Bato, Canumay East and Canumay West, Isla and Pio Valenzuela.

Last year, the City Government, built about 150 additional classrooms throughout the City. This includes the Valenzuela City Science High School, the Bignay National High School and the Mapulang Lupa National High School.



Mayor WIN leads the ribbon cutting ceremony during the inauguration of the new school building of Isla Elementary School. With him are Division Superintendent Dr. Alma Bella Bautista and School Principal Buenafe Sabado.

The PAMANTASAN NG LUNGSOD NG VALENZUELA
is very proud to announce her

FIRST COMMENCEMENT EXERCISES

on April 5, 2006, 1:00 PM at the U.P. Theater

COURSES OFFERED

B.S. in Business Administration
Major in Management

B.S. in Public Administration

Bachelor in Secondary Education

- * Major in English
- * Major in Mathematics
- * Major in General Science
- * Major in Filipino

Bachelor in Elementary Education

Certificate in Teaching Program

SCHEDULE

Enrollment Summer Class
April 8 - 11, 2006

Review Class for Livelihood
Examination for Teachers
(LLET)
April 22 - June, 2006

Entrance Examination
January 28, 2006

February 25, 2006

March 28, 2006

Repeat Examination for Grad
April 21, 2006

Relieve Freshment
April 18, 2006

21 Units of Education
April 7, 21, 28, 2006 - 1:00 PM

May 5, 12, 19, 2006 - 1:00 PM

For inquiries, please see
the Registrar's Office
or call 277-6100 / 277-6495

Councilor Padrinao presents approved self-authored resolutions and ordinances

Up to this date, Councilor Fernando "Boy" Padrinao is among the most active local legislator of Valenzuela City's second district. He sees to it that the people of the city will be benefited by the ordinances and resolutions authored by him.

Among the approved resolutions and ordinances that he authored include:

> Kapasiyahan Bilang 234-2006

Isang kapasiyahang magalang na humihiling sa Kgg. Punong Lungsod Sherwin Gatchalian na mapagkalooban ng financial assistance ang labing anim (16) na pamilya na matatagpuan sa F. Bautista Street at Jacinto Street ng Barangay Marulas, Lungsod ng Valenzuela, Kalakhang Maynila.

> Kapasiyahan Bilang 235-2006

Isang kapasiyahang magalang na humihiling sa Kgg. Punong Lungsod Sherwin Gatchalian na mapagkalooban ng financial assistance ang labing limang (15) na pamilya na matatagpuan sa Barangay Punturin, Lungsod ng Valenzuela, Kalakhang Maynila.

> Kapasiyahan Bilang 175-2006

Isang kapasiyahang magalang na humihiling sa Kgg. Punong Lungsod Sherwin Gatchalian na mapagkalooban ng financial assistance and animnapu't pitong (67) pamilya na matatagpuan sa Barangay Gen. T. De Leon, Lungsod ng Valenzuela, Kalakhang Maynila.

> Resolution No. 024-2005

A resolution authorizing the Honorable Sherwin Gatchalian, in his capacity as City Mayor of Valenzuela, for and in behalf of the City Government of Valenzuela, to enter and sign into an agreement for the Informal Settlers Loan Assistance Program (ISLAP) with the Samahang Magkakapitbahay ng Rose Packing, Inc., located at Pinalagad, Malinta, Valenzuela City.

> Resolution No. 157-2005

A resolution requesting the Supreme Court to increase the number of court salas in the Regional Trial Court, for the present three (3) to five (5) or an additional two (2) and an additional of three (3) more salas in Metropolitan Trial Court, all for the City of Valenzuela.

> Kapasiyahan Bilang 201-2005

Isang kapasiyahan ng pagkilala at parangal sa natatanging mamamayan ng Lungsod ng Valenzuela na si Bb. Rochelle Dela Cruz Salonga ng Barangay Parada na nagkamit ng unang puwesto sa Librarian Licensure Examination na ginanap noong ika-24 ng Nobyembre 2005.

> Ordinance No. 027-2005

An ordinance granting one thousand (P1,000) pesos educational assistance to all employees and officials of the City of Valenzuela, Metropolitan Manila.

Furthermore, his projects include:

> Ehersisyo sa Umaga- An aerobics program every Monday, Tuesday and Saturday, in cooperation with the Marulas Aerobics Club, Marulas Diabetic Club and Marulas Barangay Council headed by Barangay Captain Lito Benosa.

> Medical mission for the Valenzuela Veterans every second and fourth week of the month.

> Completed fogging operation in coordination with the Valenzuela City Health Department under Dr. Antonio Olegario.

> Book launching of Valenzuela Veterans Story in recognition of their heroism.

> Councilor Boy Padrinao Scholarship Grant

> Councilor Boy Padrinao Financial Assistance for TODA Officers, members and immediate family members

> Dugo mo, Dugtong ng buhay ko, blood letting project to be conducted twice a month in different areas of Valenzuela City, in coordination with the Philippine National Red Cross-Valenzuela Chapter.

Councilor Jun Santiago heads in the promotion of Valenzuela City

As Chairman of the Committee on Public Affairs, Information and People's Participation, Councilor Jun Santiago has been very active in promoting the vibrant city of Valenzuela in local, national and international events and activities.

In being an elected officer from Valenzuela in the Philippine Councilors League (PCL), Councilor Santiago takes pride in



PCL meeting at Gen. Santos with Governor Miguel Dominguez

efforts with leaders of Bucheon, South Korea and different cities from China for future economic, industrial and developmental programs. Councilor Jun Santiago is optimistic with the goal of building the foundation in establishing sister cities.



APC Summit, Chongqing China

servicing other cities all over the Philippines. As a Public Relations Officer of the PCL, he has the privilege and opportunity to represent Valenzuela, introduce our city's rich resources and encourage opportunities for business and trade nationwide.

Councilor Jun Santiago was also a member of the Philippine delegation, together with MMDA Chairman Bayani Fernando, Mayor Win Gatchalian and Councilor Boy Padrinao, representing the City of Valenzuela in the 2005 Asia Pacific Cities Summit in China.

Currently, he heads in facilitating talks and cooperative



Valenzuela City Officials with Bucheon City, South Korea delegates

Indeed, Valenzuela City is making its mark not only in the national scene but also in the international community.



(Top photo) Councilor Lorie Natividad-Borja spends a day of fun with special children during the SPED Children Holiday last January at the Valenzuela Astrodome.

(Right photo) Councilor Borja poses with Rotarian Peter Quintana during the bloodletting activity at the Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela last February 20, 2006.



City Government holds trade fair

In celebration of Valenzuela's 8th Charter Anniversary, the City Government conducted a trade fair at the Activity Center of SM Supercenter Valenzuela.

Gracing the said fair were DTI-CAMANAVA Director Hernani Dionisio and Valenzuela Business Club President George Kaw.

Some 17 companies participated in the fair, which include Organ Enterprise, W.L. Food Products, Victoria Biscuits, Standard Manufacturing Corp., TQG, Gomeco Metal Crafts, RMCE Manufacturing, Essential Manufacturing, Plus zone Industrial Corp., Leobel Glass Itching Services, Willison Industrial Corp., Rodenstock Manufacturing, Panther Electrical Industries, Lion King Industrial, China Banking Corp., Asia United Banking Corp., Sacred Peak Marketing



VBC President George Kaw and DTI-CAMANAVA Director Hernani Dionisio lead the ribbon cutting ceremony to formally open the trade fair last February 16, 2006 at the SM Supercenter Valenzuela.



ACTION VALENZUELA

No tax increase

Naging maluwag para sa mga nagbabayad ng buwis ang pagpasok ng taon dahil sa hindi pagtaas ng buwis sa Lungsod.

"Alam namin na lahat ay naghahanap ng paraan upang malampasan ang krisis na kinakaharap natin. At, ang pagkakaroon ng pagtaas ng buwis ay karagdagang pasanin," ani Mayor Win.

Patuloy na ipinapatupad ng Lokal na Pamahalaan ang 1992 tax code para sa business at real property taxes, kahit matagal ng naamyendahan ang tax code.

"Ang tax code na kasalukuyan nating ginagamit ay isinabatas noong 1992, labing-apat na taon na ang nakaraan, kung kaya't may mga buwis na kinakailangang itaas upang makakolekta tayo ng karagdagang kita upang makapagbigay tayo ng sapat at mas maayos na serbisyo sa ating mga kababayan," ani Atty. Anicia Marquez, and City Administrator.

"Umaasa kami na maaabot natin o malalampasan ang target revenue collection para sa taon, sa pamamagitan ng pagtaas ng ating tax collection efficiency rate sa halip na taasan ang buwis," dagdag pa ni Mayor Win.

Ang Lokal na Pamahalaan, sa pamamagitan ng Business Permits and Licensing Office, ay nagsasagawa ng regular na tax mapping ng mga establisimiyento upang masigurong sila ay nagbabayad ng tamang buwis.

JOBS FAIR JOBS FAIR

About 1,500 job seekers in the City trooped to the Polo covered court in Barangay Poblacion, where a jobs fair was undertaken by the City Government in celebration of the 8th Charter Anniversary of the City.

Participating employers were 31 private companies and 19 local recruitment agencies, which offered some 1,929 job vacancies.

Women's Month

Celebrating March as Women's Month and recognizing Valenzuelano women's significant role in the development of this Vibrant City, the City Government has come up with the Valenzuela's Outstanding Women (VOW) Awards.

"The VOW Awards are specially given to the women of this City for excellence in their fields, which made a difference not only in their personal lives, but more importantly, in the lives of Valenzuelano women," Mayor Win said.

Awards for excellence in the fields of community service, public service, medicine, business, entertainment and family life will be given in an awards ceremony on March 30, 2006.




Department of Education
National Capital Region
DIVISION OF CITY SCHOOLS-VALENZUELA

LIBRENG PAG-AARAL
Alternative Learning System
(ALS)

Handog ni

Mayer WIN Gatchalian

Makipag-ugnayan sa ALS office @ Malinta Elementary School Comp.
o tumawag @ 2923456 at hanapin si Charie o si Marco.



We ♥ V.C.



REX GATCHALIAN
Editor-In-Chief

MARTHIER S. MENA
Managing Editor

JESSEBEL B. LACHAWAN
Associate Editor

REX ANTHONY B. CARREON
ALBERT T. SY
ALLAN C. TAMPADONG
Graphics and Layout

ERWIN M. MARASIGAN
JASON O. JUAN
Photographers

VIRGINIA T. MEDIANA
VEANSON Q. GADRAN
ROBERT P. YOUNG
Circulation Managers

MS. JING HERNANDEZ
Consultant

VALENZUELA NGAYON is a quarterly publication of the City Government of Valenzuela. It accepts contributions for publication but reserves the right to edit any manuscript for reasons of grammar, spelling, propriety and space. All opinions expressed in any article are those of the author and do not necessarily reflect those of the paper.

For statements, suggestions, and manuscripts, please address them to the Public Information Office, Office of the City Mayor, Valenzuela City Hall, or you may call us at telephone numbers 295-9144, 292-0211 loc. 213.



The Queen and her court. Michelle Torres (center) of Barangay Malinta was crowned Bb. Valenzuela 2006. With her are (from left) fourth runner-up Leonalyn Dela Cruz, 1st runner-up Chrystaline Engle, 2nd runner-up Roanne Fortaleza, and third runner-up Deona Maurice Mantes.